VSB Vancouver School Board
Vancouver School District
1580 West Broadway
Vancouver, B.C. V6J 5K8
vsb.bc.ca
info@vsb.bc.ca
604-713-5000
Follow Us: @VSB39

**PAG-UNAWA SA MGA RESOURCES NA INKLUSIBO SA SOGI:**

**GABAY PARA SA MGA PAMILYA**

**Ano ang mga resources na inklusibo sa SOGI?**

Ang mga resources na inklusibo sa SOGI ay isa sa maraming mga kasangkapan na ginagamit ng mga guro sa ating distrito upang mapalawak ang pagkaunawa at pagtanggap sa bawa't miyembro ng ating komunidad, anuman ang lahi, kultura, relihiyon, orientasyong sekswal o pagkakakilanlan ng kasarian.

Ang mga resources na ito ay nilikha at sinusuportahan ng BC Ministry of Education at Child Care. Ginagamit ang mga resources na ito ng lahat ng mga distrito ng paaralan sa buong BC at naglalayong mabawasan ang pambu-buli at diskriminasyon.

**Mga pangunahing punto tungkol sa mga resources na inklusibo sa SOGI:**

**• Ang mga ito ay mahalagang bahagi ng inklusibong edukasyon**

Ang mga resources na inklusibo sa SOGI ay kasangkapan ng mga guro sa pagbibigay ng makatotohanang impormasyon, pagpapalaganap ng empatiya at tulong sa mga estudyante na maunawaan at igalang ang pagkakaiba-iba ng ating komunidad at ang kahalagahan ng paggamit ng inklusibong wika.

**• Ang mga ito ay nagpapalaganap ng respeto at empatiya**

Ang mga resources na inklusibo sa SOGI ay tumatalakay sa mga paksa tulad ng iba't-ibang mga pagkakakilanlan, pagkakaiba-iba ng pamilya/tagapag-alaga, mga stereotype, pambu-buli at pangungutya.

**• Ang mga ito ay naangkop sa edad**

Lahat ng mga estudyante ay natututo tungkol sa mga paksa tulad sa respeto, awa at pagkakaiba-iba, habang ang mas kumplikadong mga paksa tulad ng diskriminasyon at kawalan ng katarungan ay tinatalakay sa isang paraang naaangkop sa edad.

**• Ang mga ito ay nagbibigay ng suporta para sa mgaestudyanteng 2SLGBTQIA+**

Ang mga resources na inklusibo sa SOGI ay nagbibigay ng suporta, pagtanggap at pagkilala sa mga estudyanteng 2SLGBTQIA+ na maaaring makaramdam na nag-iisa o hindi kasali. Lumilikha sila ng isang kapaligiran kung saan lahat ng mga estudyante ay umuunlad.

**• Ang mga ito ay nakabubuti sa lahat ng mga estudyante**

Ayon sa mga pag-aaral, ang pagkakaroon ng inklusibong mga silid-aralan at mga patakaran na SOGI specific anti-bullying ay nagpapabuti sa klima ng paaralan,



*With deep gratitude and respect, we are honoured to be learning and unlearning on the ancestral and unceded lands of the xʷməθkʷəy̓əm (Musqueam), Sḵwxwú7mesh Úxwumixw (Squamish Nation) & səlilwətaɬ (Tsleil-Waututh Nation).*

binabawasan ang diskriminasyon, depresyon, kabalisaan, paggamit ng mgasubstansya, mga ideya ng pagpapakamatay at mga pagtatangkang magpakamatay.

**Ang AmingPangako**

Kami ay nakatuon sa pagbibigay ng isang ligtas at suportadong kapaligiran ng pag-aaral para sa bawa't estudyante, anuman ang orientasyongsekswal o pagkakakilanlan ng kasarian. Ang mga resources na inklusibo sa SOGI ay isa sa maraming mga kasangkapan na ginagamit naming upang makamit ang layuning ito.

Ang orientasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian (SOGI) ay protektado sa ilalim ng BC Human Rights Code, ang Canadian Charter of Rights and Freedoms at probinsyal na batas. Ang VSB ay nakatuon sa pagtiyak na bawa't silid-aralan sa ating Distrito ay bukas, at lahat ng mga estudyante ay nakakaramdam na ligtas at suportado. Ang aming pangako ay sumasaklaw sa ganap na pagsuporta sa mga guro at mga paaralan habang sinasali nila ang mga references ayon sa tamang edad ukol sa orientasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian. Ang diskarteng ito ay nagpapalaganap ng dignidad at respeto habang tinatrabaho ang pagbawas sa mga insidente ng karahasan at diskriminasyon laban sa mga estudyante at mga miyembro ng komunidad na nabibilang sa 2SLGBTQIA+.

Sama-sama, maaari tayong lumikha ng isang mas maunawain, inklusibo at mapagtanggap na komunidad.



*With deep gratitude and respect, we are honoured to be learning and unlearning on the ancestral and unceded lands of the xʷməθkʷəy̓əm (Musqueam), Sḵwxwú7mesh Úxwumixw (Squamish Nation) & səlilwətaɬ (Tsleil-Waututh Nation).*